



**FAQ: Kung bibiyahe ako sa labas ng Bay Area at babalik ako sa San Francisco,
kailangan ko bang mag-quarantine?**

Huling na-update noong Pebrero 23, 2021

Hangga't maaari, limitahan ang iyong hindi mahalagang pagbiyahe sa panahon ng pandemya na ito. Kung mas madalas magbibiyahe ang mga tao, mas marami ang interaksyon sa ibang tao. Kung mas marami ang interaksyon ng mga tao sa mga taong hindi nila kasama sa bahay, mas mataas ang panganib ng pagkakaroon at pagkalat ng COVID-19. Kung kailangan mong magbiyahe sa labas ng Bay Area, tiyaking nakasuot ka ng takip sa mukha at magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga taong hindi mo kasama sa bahay sa lahat ng oras. Kung magagawa mo, magbiyahe sa pamamagitan ng pribadong sasakyan kasama lang ang mga miyembro ng iyong sambahayan. Iwasan ang mga indoor na interaksyon hangga't maaari at panatilihing kaunti ang bilang ng mga taong nakakainteraksyon mo.

Bagama't inalis ng San Francisco ang lokal na kautusan sa 10 araw na pag-quarantine, patuloy na lubos na inirerekomenda ng Lungsod at Estado na mag-self quarantine sa loob ng 10 araw ang Mga Bumiyaheng pagkauwi sa San Francisco mula sa labas ng Bay Area na may mga limitadong pagbubukod at lubos silang pinipigilang magsagawa ng anumang hindi mahalagang pagbiyahe na may layong 120 milya mula sa tinitirhan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagbiyahe sa panahon ng pandemya, bisitahin ang:

[California State Department of Public Health Travel Advisory \(Paunawa sa Pagbiyahe ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ng California\)](#)

[San Francisco Department of Public Health Travel \(Pagbiyahe ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco\)](#)

Makukuha kaagad ang mga dokumento ng Sentro para sa Pagkontrol sa Sakit (Center for Disease Control, CDC) sa Spanish, Chinese, Vietnamese at Korean.

[Domestic Travel During the COVID-19 Pandemic \(Lokal na Pagbiyahe sa Panahon ng Pandemya ng COVID-19\)](#) ng CDC

[Pagsusuri at Internasyonal na Pagbibiyahe sa Himpapawid](#) ng CDC